Isang Ulat ng Progreso tungkol sa Hinaharap ng Iyong Serbisyo sa Kuryente

UPDATE SA STRATEGIC PLAN NG SEATTLE CITY LIGHT PARA SA TAONG 2017-2022



Pinapahalagahan ng update sa Strategic Plan ng Seattle City Light ang progresong ginagawa namin upang mas mapaglingkuran ka. Ang layunin ng utility ay malampasan ang mga inaasahan ng customer sa pagbuo at paghahatid ng kuryente na mainam para sa kalikasan, ligtas, abot-kaya at maaasahan.

Seattle City Light

THE NATION'S GREENEST UTILITY

Ulat ng Progreso sa Strategic Plan para sa taong 2017-2022

PAGTATAGUYOD SA MGA PANGUNAHING LAYUNIN

Tuwing dalawang taon, ina-update ng City Light ang Strategic Plan nito na huling binago noong 2014. Para sa susunod na update na ito, hindi binago ang pundasyon ng plano upang mapanatili ang mga kasalukuyang antas ng serbisyo habang nagpaplano para sa isang mapanghamon na hinaharap.

Ang Strategic Plan ay inayos ayon sa apat na pangunahing layunin na mahalaga sa utility at sa mga customer nito:

1. Mapaganda ang karanasan ng customer at predictability ng rate
2. Mapataas ang performance at kaligtasan sa trabaho
3. Mapahusay ang performance ng organisasyon
4. Maipagpatuloy ang pagtitipid at pamumuno nang may pagpapahalaga sa kalikasan

Epektibo ang Plano

Narito ang ilang halimbawa kung paano pinapahusay ng plano ang serbisyo sa customer at mga pagpapatakbo ng utility kumpara noong 2008 nang wala pang Strategic Plan ang City Light.

MAS MAHUSAY NA SERBISYO

Nakaranas ang mga customer ng City Light ng mas mababa sa 50 porsyento na pag-brownout. Bukod pa rito, tumaas ang ranking ng utility sa survey sa customer ng J.D. Power (Western region).

Mga residential customer:
2008: Ika-11 sa ranking
2015: Ika-3 sa ranking

Mga business customer:
2008: Wala sa ranking
2015: Ika-2 sa ranking

KALIGTASAN MUNA

Pinapahalagahan ng City Light ang mga empleyado nito at ginagawang pangunahing priyoridad ang kaligtasan.

Rate ng pinsala noong 2008: 6.9

Rate ng pinsala noong 2015: 6.0

NAIBALIK ANG CREDIT RATING NG UTILITY

Ang ibig sabihin ng mahusay na credit rating ay kapansin-pansing nababawasan ng utility ang gastos ng pag-utang, na sa huli ay nakakaapekto sa mga bayarin ng customer.

2008: Rating ng S&P, AA-

2015: Rating ng S&P, AA

MGA NATIPID NA PERA AT ENERHIYA

Nakakatipid ang mga customer ng pera at nababawasan ang pangangailangan ng City Light na makapagbigay ng higit pang kuryente dahil sa mga ginagawang pagtitipid.

2008: 10.1 average megawatt ang natipid
2015: 15.8 average megawatt ang natipid

STRATEGIC PLAN PARA SA MGA NATITIPID

Ang maayos na paggamit sa mga mapagkukunan at epektibong pagpapatakbo ay nagresulta sa mga sustainable na natitipid para sa utility. Dahil sa mga pamamaraang ito, nakatipid ang City Light ng $18.5 milyon noong 2015. Sa 2018, inaasahan na madaragdagan ng $10 milyon ang matitipid sa utility para sa kabuuang halaga na $28 milyon.

Gawin ang Plano

PROGRESO SA MGA STRATEGIC NA PAMUMUHUNAN

Nauunawaan ng City Light na dapat magpatuloy ang mga pagpapahusay sa serbisyo kahit na mabilis na nagbabago ang industriya. Iyon ang dahilan kung bakit nagiging mahalaga ang utility sa mga sumusunod na pamumuhunan upang matupad ang apat na mahalagang layunin nito:

1 MAPAGANDA ANG KARANASAN NG CUSTOMER AT PREDICTABILITY NG RATE

Denny Substation:

Ito ang unang substation na binuo ng City Light sa loob ng 30 taon. Mas natutugunan nito ang patuloy na tumataas na pangangailangan sa enerhiya sa maraming kapitbahayan at nagbibigay ito ng suporta sa iba pang mga substation pati na rin sa panrehiyong transmission grid. Pagtatapos: 2018

Denny Substation

Advanced na Metering:

Ang $94 milyon na pamumuhunan sa utility na ito ay magpapadali sa mga operasyon ng City Light at mag-aalok ng mga benepisyo sa mga customer, kasama na ang pinahusay na pagtugon kapag nagkaka-brownout. Pagtatapos: 2019

2 MAPATAAS ANG PERFORMANCE SA TRABAHO AT MGA KAGAWIAN SA KALIGTASAN

Kultura ng Kaligtasan:

Noong 2015, nahimok ng isang stand-down para sa kaligtasan sa buong utility ang mga empleyado na tumuon sa kaalaman sa kaligtasan. Ngayong 2016, nagsagawa ang City Light ng matagumpay na survey ng empleyado tungkol sa kaligtasan, mula sa isang survey noong 2007. Sa loob ng ilang taon, muling ia-assess ang mga nagtatrabaho upang masubaybayan ang progreso.

Dalubhasang Pagtatrabaho:

Upang makapagbigay sa mga customer ng pinakamahusay na serbisyo, pinagtutuonan ng City Light ang mga empleyado sa pamamagitan ng bagong online na system sa pagsasanay at kasalukuyang pagsasanay sa pamumuno.

3 MAPAHUSAY ANG PERFORMANCE NG ORGANISASYON

Mga Target ng Performance:

Gustong malaman ng mga customer na pinamamahalaan ng utility ang negosyo, sa pamamagitan ng mahusay na paggamit sa oras at pera. Dahil dito, gumawa ang utility ng mga benchmark bilang paraan upang malinaw na masubaybayan ang aming mga layunin at makita kung natutugunan ang mga ito. Simula 2013, hindi bababa sa tatlong benchmark na pag-aaral taun-taon ang nagagawa, at marami pang pinaplano sa hinaharap.

Mga Hakbang para sa Seguridad sa Internet:

Kung may mahusay na programa para sa seguridad sa Internet, mapapanatiling ligtas ang utility at nakakasunod sa mga pamantayan sa seguridad ng buong bansa. Nakagawa rin ang City Light ng mga pasilidad para sa pag-backup na gagamitin kung sakaling hindi mapagana ang aming mga pangunahing pasilidad dahil sa sakuna.

4 PAGPAPATULOY NG PAGTITIPID AT PAMUMUNO NANG MAY PAGPAPAHALAGA SA KALIKASAN

Pananaliksik tungkol sa Klima:

Inilabas ng City Light ang una nitong Climate Adaptation Plan ngayong 2016, na makakatulong sa utility na matugunan ang maraming pagsubok na hatid ng climate change.

Pagbabago sa Pagtitipid:

Sa pakikipagtulungan sa tatlong pangkomersyal na gusali ng tanggapan sa Seattle, naglunsad ang City Light ng bagong programang tinatawag na pay-for-performance. Nag-aalok ito ng mga pampinansyal na insentibo sa pamamagitan ng mga kasalukuyang taunang pagbabayad para sa mga natitipid sa kuryente, sa halip na ang tradisyunal na pagbibigay ng isahang paunang halaga ng insentibo. Noong 2015, nakatipid ang mga lumahok ng tinatayang 3.5 milyong kilowatt hour sa kabuuan, na sapat nang kuryente upang magpailaw sa 440 bahay sa Seattle para sa isang taon.

Pagpaplano sa Hinaharap

PAGSABAY SA NAGBABAGONG HINAHARAP

Nagbabago ang industriya ng kuryente. Bumabagal ang pagtaas ng daloy ng kuryente ng Seattle at maaari itong bumaba pa nang pangmatagalan, kahit na umuunlad ang ekonomiya. Ang ibig sabihin nito ay mas magiging mababa ang kita para sa utility habang hinaharap nito ang lumalaking gastos upang mapalitan ang luma nang imprastraktura at gumamit ng bagong teknolohiya na gusto ng mga customer. Kung mabilis ang pagdating ng pagbabago sa teknolohiya, nagiging mas mabisa at mura ang mga sasakyang pinapatakbo ng kuryente, solar power at pag-iimbak ng baterya. Ang totoo, maaaring dumating ang araw na hindi na kailanganin ng mga customer ang serbisyo ng tradisyunal na utility na kailangan nila sa ngayon.

UTILITY NG HINAHARAP

Nakatuon ang City Light sa pagsabay sa pagbabago. Bilang bahagi ng update sa Strategic Plan na ito, pag-aaralan namin kung paano magkakaroon ng epektibong "Utility ng Hinaharap" at natukoy na namin ang dalawang aspeto kung saan dapat mapahusay ang utility: sa paggamit ng kuryente sa transportasyon at sa pagsabay sa climate change.

Paggamit ng Kuryente sa Transportasyon:

Noong nakalipas na taon, pinag-aralan ng City Light ang paggamit ng kuryente para sa sektor ng transportasyon ng Seattle at ang mga benepisyo ng paglipat sa malinis na electric power mula sa mga fossil fuel, lalo na sa pampublikong transportasyon. Nakipagtulungan kami sa mga ibang departamento ng lungsod at kay Mayor Edward Murray upang mailunsad ang inisyatibong "Drive Clean Seattle," at patuloy na mapahusay ang pagsusumikap na ito.

Plano ng Pagsabay sa Climate Change:

Sa huli naming Strategic Plan, pinag-aralan namin kung paano makakaapekto ang climate change sa utility at sa aming mga customer. Ngayon ay na-publsih na namin ang Plano ng Pagsabay sa Climate Change na nakakatulong sa utility na maging handa at hindi labis na maapektuhan ng climate change.

PLANO NG RATE NG CITY LIGHT: PREDICTABLE AT SUSTAINABLE

Iminumungkahi ng update sa Strategic Plan ang pagtaas ng rate na tinatayang humigit-kumulang 4.3 porsyento taun-taon hanggang 2022 para sa humigit-kumulang $3.12 na pagbabago sa bayarin ng residente buwan-buwan o $37.44 taun-taon.



SEATTLE CITY LIGHT
700 5th Avenue, Suite 3200
P.O. Box 34023
Seattle, WA 98124-4023

seattle.gov/light